ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# EPEKTO NG ESTILO NG GURO SA PATUTURO SA UGNAYAN NG KOOPERATIBONG PAGKATUTO AT PAGKATUTO NG WIKANG FILIPINO SA UNANG TAON NG BSED FILIPINO SA LOKAL NA KOLEHIYO NG KAPALONG

**Ethel T. Galabo [1], Elealeh S. Timosa, MAED [2]**

[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

[2]*Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19794**
**DOI No: 10.36713/epra19794**

## ABSTRAK

*Ang layunin sa pag-aaral na ito ay matukoy ang epekto ng estilo ng guro sa pagtuturo sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino sa unang taon ng BSEd Filipino sa lokal na kolehiyo ng Kapalong. Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na gamit ang mediation na analisis. Gamit ang stratified random sampling specifically proportional allocation para sa pagkuha ng sampol at Slovin's formula na 0.05 margin of error para sa sample size, at 117 na random na mag-aaral mula unang taon sa mayoryang Filipino na naging respondante sa 3 baryabol. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng kooperatibong pagkatuto, pagkatuto ng wikang Filipino at estilo ng guro sa pagtuturo, ay nakakuha ng pinakamataas na mean. Nakita din sa resulta na ang ugnayan sa pagitan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino, ugnayan sa pagitan ng kooperatibong pagkatuto at estilo ng guro sa pagtuturo at ang ugnayan sa pagitan ng estilo ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino ay may makabuluhang ugnayan. Sa karagdagan, nakita din sa resulta na ang estilo ng guro sa pagtuturo ay may epekto sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *estilo ng guro sa pagtuturo, kooperatibong pagkatuto, pagkatuto ng wikang Filipino*

## INTRODUKSYON

Isa sa mababang kakayahan ng mag-aaral ay gamitin ang wikang may malaking epekto sa akademikong perpormans. Ang mababang kakayahan sa wika ay maaaring magdulot sa mababang grado na hahantong sa kawalan ng gana na matuto sa wika at ang pagdadalawang isip na humingi ng tulong sa guro. Sa karagdagan, ang walang kaalaman sa paggamit ng mga tamang salita at ang limitadong bokabularyo sa wika ay isang malaking problema. Maaari itong humantong sa negatibong epekto sa kanilang kognitibong pag-iisip maging ang pakikipagsalamuha sa kapwa (Fukada, 2019; Sangaji at Sehan 2019).

Sa China, partikyular na sa *College of International Relation, Quaqiao University*, ang mag-aaral ay nakapokus sa tradisyonal na pamamaraan na kung saan *passive* na pagtuturo ang nangyayari sa silid-aralan. Ang guro ay nakapokus batay sa nais nitong talakayin. Kung gayun, ang mga estudyante ay hindi na nakapagbabahagi ng kaalaman at napipigilan nito ay interaktibong pagkatuto. Bilang resulta, ang positibong pagtutulugan at harapang interaksyon ay napipigilan maging ang kooperatibong pagkatuto (Li et al, 2021).

Sa Pilipinas, sa lungsod ng Manila, nabatid sa pananaliksik na ang kapasidad ng mga mag-aaral patungkol sa paggamit ng wikang Filipino ay hindi pa organisado at establisado. Naging hamon ito sa wika na nararanasan nila sa bagong henerasyon kaya sila ay unti-unti nang nawawalan ng interes. Nakita rin sa pananaliksik na kaysa gamitin ang wika, natututuhan nila na huwag na itong pahalagahan (Somblingo at Ricohermoso, 2019).

Sa panahon ngayon, batid ng lahat na ang pagkatuto ay nakabatay na sa *student-centered approach*. Ang guro ay nagsisilbi lamang na *facilitator* sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ngunit kung susumahin, maraming pamamaraan sa pagkamit ng kaalaman gayundin sa kung papaano nila mapapanatili ang pagkatuto kung pagbabagayan lamang sa kani-kanilang paraan sa pagkamit ng karunungan. Kaya sa pananaliksik na ito, pinagtutuonan ng pansin ang epekto ng estilo ng guro sa pagtuturo ay may ugnayan sa kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino. Ang pananaliksik ay may malaking tulong sa mga guro bilang tagapaghatid ng kaalaman sapagkat binibigyang-diin nito ang paraan kung anong estilo ang mas epektibo upang matuto ang mga mag-aaral. Gayundin sa mga estudyante ng Mayoryang Filipino sapagkat ang pananaliksik ay magbibigay kabatiran upang mapalawak ng kaalaman, mapataas nag kamalayan sa wika at magbigay kasagutan sa kung papaano ang epekto ng estilo ng guro sa pagtuturo ay may ugnayan sa kooperatibong pagkatuto at angkop sa paggamit ng kaaalaman hinggil sa wikang Filipino. Kung gayun, ang pananaliksik ay labis na nakatutulong sa ngayon sapagkat binibigyang-diin nitong magbigay ng bagong perspektibo sa kung anong dulog ang mas epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral na magsisilbing saligan sa pagbuo ng mga plano at hakbangin para makatulong sa mga guro, mag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

aaral at ang populasyon sa pangkalahatan.

Sa karagdagan, ang pananaliksik ay may kaunting pagkakahawig sa "*Estilo ng Guro sa Pagtuturo at Aktibong Motibasyon ng mga Mag-aaral*" ni Alquizola at Lopes (2018) ngunit ang pananaliksik ay nakabatay lamang sa pagsusuri ng kaalaman sa pagbasa ng mga estudyante. Gayundin ang "*Filipino Learners' Attitude Towards Cooperative Learning and their Relationship to Reading Comprehension*" ni Gonzales at Torres (2015) ngunit ito ay nakatuon sa pagkatuto batay sa pagbasa at ginamitan ng mix method na pamamaraan. Maging ang pag-aaral na "*Kaligirang Pampagkatuto at Paggayan ng mga Mag-aaral bilang Prediktor sa Pagkatuto ng wikang Filipino*" ni Talacay (2022) ngunit ito ay nakatuon kung paano ang mag-aaral natututo sa silid-aralan at ang motibasyon sa pagkatuto. Itong mga pananaliksik ay malaking tulong sa sektor ng edukasyon at sa pagkatuto ng wikang Filipino ngunit may pagkakaiba ito sa pananaliksik na ginawa batay na sa pokus ng pag-aaral, metodolohiya at pagsusuri. Kaugnay nito, ang malawakang pag-aaral sa epekto ng estilo ng guro sa pagtuturo sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino ay labis na mahalaga, sumakatuwid, kinakailangang magsagawa ng isang pag-aaral.

Samantala, matapos ang pananaliksik na ito, layunin ng mananalik na maibahagi ang kaalaman sa nakararami. Hangaring mailathala sa pamamagitan ng *conference* na may kaugnayan sa pananaliksik at mga ahensyang naglalayong magtatatag ng koneksyon, magbahagi ng kaalaman at awtoridad sa pamahalaan na nagbibigay ng mga natuklasang resulta. Hangarin ng mananaliksik na magkaroon ng pampublikong pagbabahagi ng natuklasan sa pananaliksik na mag-uudyok ng organisadong pagsusuri at maging inspirasyon sa mga proyekto sa pagkalahatan.

**Layunin ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay susuriin kung ang epekto ng Estilo ng Guro sa Patuturo sa ugnayan ng Kooperatibong Pagtuto at Pagkatuto ng Wikang Filipino sa unang taon ng BSEd Filipino sa KCAST. Sa karagdagan, nilalayon ng pananaliksik na ito na mabigyang kasagutan ang sumusunod na katanungan:

1. Alamin ang antas ng kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa:
    1.1 positibong pagtutulungan;
    1.2 indibidwal at pangkatang pananagutan;
    1.3 harapang promotibong interaksyon;
    1.4 kakayahang interpersonal; at
    1.5 pangkatang pangproseso.
2. Alamin ang antas ng pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa:
    2.1 pagpapaunlad sa pangkalahatang antas ng kaalaman sa wikang Filipino;
    2.2 bokabularyong pagkatuto;
    2.3 kaalaman sa gramatika; at
    2.4 pagsasalita.
3. Alamin ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo ayon sa:
    3.1demokratikong estilo ng pagtuturo;
    3.2 awtorisadong estilo ng pagtuturo; at
    3.3 laissez-faire na estilo ng pagtuturo.
4. Alamin ang ugnayan sa pagitan ng:
    4.1 kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino;
    4.2 kooperatibong pagkatuto at estilo ng guro sa pagtuturo;
    4.3 estilo ng guro at pagkatuto ng wikang Filipino; at.
5. Malaman ang epekto ng estilo ng guro sa pagtuturo sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino.

**Haypotesis**

Sa pananaliksik, ang haypotesis ay sinukat sa 0.5 na antas ng kabuluhan. Nagresulta ito na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino. Ang kooperatibong pagkatuto at estilo ng guro sa pagtuturo ay walang makabuluhang ugnayan sa isa't isa maging ang estilo ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino. Ang estilo ng guro sa pagtuturo sa kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino ay walang ugnayan.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwantitatibong desinyo sa paraang *mediation* na analisis na ang pangunahing layunin ay tukuyin ang epekto ng esitilo ng guro sa pagtuturo sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto sa wikang Filipino. Ang kwantitatibong pananaliksik ay saklaw ang koleksyon at ebalwasyon sa datos, prediskyon, pagsubok sa ugnayan ng sanhi at epekto, at ang kabuoang resulta sa malaking populasyon (Bhandari,2020).

**Populasyon at Sampling ng Pananaliksik**

Ang mga kalahok ng pananaliksik ay ang mga mag-aaral sa unang taon ng Batsilyer ng Sekondaryag Edukasyon sa Mayoryang Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology sa taong panuruan 2023- 2024. Gamit ang *stratified random sampling*, ipinapakita sa ibaba ang populasyon, sampol at porsyento ng mga mag-aaral na magiging bahagi ng pananaliksik.

Ang mga kalahok ay ang mga piling mag-aaral na nasa unang taon ng BSEd Filipino na may kabuoang populasyon na 167. Pinapabatid na limitadong bilang lamang ng mag-aaral ang maaring sumagot na may kabuoang sampol na 117 at sila ang magiging tagatugon sa isasagawang sarbey.

**Instrumento ng Pananaliksik**

May dalawang ginamit sa instrumento para sa pananaliksik na ito. Una ay ang adaptive questionnaire mula sa pananaliksik nina Lopez et al., (2018) sa di-malayang baryabol na estilo ng guro sa pagtuturo upang sukatin ang antas ng baryabol na ito. Pangalawa ay ang adoptive questionnaire sa pananaliksik ni Neo et al., (2012) tungkol sa kooperatibong pagkatuto at adaptive questionnaire sa malayang baryabol sa pananaliksik nina Thompson at Victori (2013) tungkol sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ang likert scale ang gagamiting panukat upang malaman ang estilo ng pagtuturo ng guro, kooperatibong pagkatuto at pagkatuto sa wikang Filipino. Ito ay nangangailangan ng indibidwal na pagsulat ng tsek sa kahon bilang tugon sa mga pag-uugali, bagay at *stimulus.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Hakbang sa Paglikom ng Datos**
Sa paglikom ng mga resulta, iniayon ito sa sumusunod na mga pamamaraan para masigurong maprotektahan ang mga karapatan ng bawat indibidwal na lumahok sa isinagawang pananaliksik. Nakasaad din ang proseso ng pagkuha ng impormasyon at datos na magbibigay ng kasagutan sa mga katangungan na nilalayon ng pananaliksik.

**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananaliksik ay gagawa ng liham sa Bise-Presidente ng Academic Affair ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology para mabigyan ng pahintulot na magsagawa ng pananaliksik sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon sa Mayoryang Filipino.

**Pagsumite ng mga talatanungan.** Ang mga hinangong talatanungan ay isusumite ng mananaliksik sa kaniyang tagapayo para sa karagdagang pagsusuri. Pagkatapos, isasangguni ito sa lupon ng tagasuri para matiyak ang kaangkupan ng bawat aytem sa isinagawang pag-aaral.

**Pamamahagi at Koleksyon ng Talatanungan**. Kapag inaprubahan ng *College of the President* ang pahintulot na magsagawa ng pag-aaral, ang mananaliksik ay aktwal na mamamahagi sa instrumento ng pananaliksik. Sa tulong ng College of the President, tiyak na maayos na maipapamahagi ang talatanungan sa mga mag-aaral.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos.** Ito, ang instrumento ng pananaliksik na kinuha at itinala ang mga datos. Pagkatapos ay ibibigay ito sa statistician upang makuha ang resulta ng talatanungan.

**Estadistikal Tritment ng Datos**
Sa pagsusuri ng nalikom na datos, ginagamit ang sumusunod na istaditika:
**Mean.** Ginagamit upang alamin ang antas ng estilo sa pagtuturo sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino gamit ang natamong iskor na batayan ng mananaliksik sa katanungan.

**Pearson r.** Ginagamit ito upang mapatunayan ang relasyon o pagkakaroon ng ugnayan sa pagitan ng epekto ng estilo ng guro sa pagtuturo, kooperatibong pagkatuto sa pagkatuto ng wikang Filipino.

**Mediation Analysis**. Ito ang ikatlong baryabol na tinatawag na *Mediator* ang nagpapaliwanag sa ugnayan ng malaya at di-malayang baryabol. Inaasahang mawawala ang epekto ng malayang baryabol sa di-malayang baryabol kapag naisama ang *mediator* sa pagsusuri.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1***
***Kabuoang antas ng Kooperatibong Pagkatuto ng mga mag-aaral***

| Indekeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Positibong Pagtutulungan | 4.29 | Pinakamataas |
| Indibidwal at Pangkatang Pananagutan | 4.41 | Pinakamataas |
| Harapang Pampromosyon | 4.40 | Pinakamataas |
| Kakayahang Interpersonal | 4.37 | Pinakamataas |
| Pangkatang Proseso | 4.41 | Pinakamataas |
| **Kabuoan** | **4.38** | **Pinakamataas** |

**Kooperatibong Pagkatuto ng mga mag-aaral.** Sa pag-aaral ni Kam et al., (2002) at Gouqiao ( 2020) ang kooperatibong pagkatuto ay ipinatutupad sa mga larangan ng kurikulum sa paaralan, at paunti-unti nang ipinapatupad ng unibersidad at kolehiyo sa buong mundo. Ipinupuri ito ng mga akademiko sa ibang bansa at maging sa Pilipinas bilang isang mahalagang kagamitang pang-aralin sa edukasyon sa mga dayuhan wika. Nagbibigay-diin ang aktibong kooperasyon sa pagitan nila na may iba't ibang kakayahan at pinagmulan, at nagpapakita ng mas mabuting resulta sa pagganap ng mga estudyante sa akademikong aspeto, asal panlipunan, at epektibong pag-unlad.

Dagdag pa ni Buchs (2021), sa ilang mga bansa, ipinakita ng mga mananaliksik na ang kooperatibong pagkatuto ang tumutulong sa paglikha ng isang kapaligiran na makakatulong sa mas mataas na tagumpay sa pagkatuto. Mahalagang ang bawat estudyante ay nagtutulungan sa kooperatibong pagkatuto nang mapanatili ang kanilang kagustuhan sa pag-aatal. Kaya ang kalagayan ng silid-aralan ay nakatutulong sa pagkatuto para sa mga estudyante na may mga kakayahan, sapagkat ito ay nagpapabawas ng mga pagkakataon ng hindi magandang mga sitwasyon at nagpapataas ng kasiyahang matuto.

Isang karagdagan din sa pananaliksik ni Teed (2018), na kahulugan na ibinigay ay nagpapakahulugan ng kooperatibong pagkatuto bilang "ang kooperasyon ay hindi lamang ang pagpapatabi ng mag-aaral sa parehong mesa upang mag-usap habang ginagawa nila ang kanilang indibidwal na gawain. Ang kooperasyon ay kasama ang mas maraming aspeto kaysa sa pisikal na pagiging malapit sa ibang mga mag-aaral, pag-uusap tungkol sa materyal, pagtulong, o pagbabahagi ng materyal sa ibang mga mag-aaral.

***Talahanayan 2***
***Kabuoang antas ng Pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral***

| Indekeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Pagpapaunlad sa pangkalahatang antas ng kaalaman sa wikang Filipino | 4.39 | Pinakamataas |
| Bokabularyong pagkatuto | 4.21 | Mataas |
| Kaalaman sa gramatika | 4.19 | Mataas |
| Pagsasalita | 4.28 | Pinakamataas |
| **Kabuoan** | **4.27** | **Pinakamataas** |

**Pagkatuto ng Wikang Filipino.** Batay sa pananaliksik in Zafra at Laanjo (2021), masasabing internasyonal na wika ang wikang Filipino sapagkat maraming bansa na itinurturing at pinapahalagahan ito. Upang matutuhan ito, kaakibat ang pag-unawa sa bawat isa at ang kulturang kaakibat nito. Pinapalooban din ito ng alpabeto, estruktura, paniniwala at mahahalagahang gampanin sa pakikipagkapwa.

Ayun naman ni Bag-o et al., (2019), ang wika ay daan sa pagkakaisa at pagkakaunawaan ng bawat tao. Napakahalaga ito dahil sumisimbolo ito sa atin bilang isang Pilipino. Kaya batay sa resulta, ang wika ay napakahalaga at kailangan magampanan nang maayos ng marami. Sa kadahilanan na rin na ang wika ay buhay at nararapat na patuloy gamitin ng lahat upang mapayabong pa.

Sa kabuoan, importanteng alam ng lahat ang masalita sa wikang pambansan dahil pinapayabong nito ang ating pagkakakilanlan. Bilang parte sa bagong henerasyon, obigasyon natin ang kapakanan nito. May kakayahan tayong paunlarin ito at mapanating buhay sa bawat Pilipino at sa mga susunod pang henerasyon (Rostrata, 2019).

***Talahanayan 3***
***Kabuoang antas ng Estilo ng Guro sa Pagtuturo***

| Indekeytor | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Demokratikong Estilo ng Pagtuturo | 4.28 | Pinakamataas |
| Awtorisadong Estilo ng Pagtuturo | 4.29 | Pinakamataas |
| Laissez Faire na Estilo ng Pagtuturo | 4.45 | Pinakamataas |
| **Kabuoan** | **4.34** | **Pinakamataas** |

**Estilo ng Guro sa Pagtuturo.** Patunay sa mabisang pagtuturo ay makikita sa mag-aaral at sa pagkalahatang pag-unlad. Kaya higit na gampanin ng guro na kilalanin ang tinuturuan upang matukoy ang angkop na pagtuturo para sa kanila. Patunay lamang itong bilang tagapagturo, may mahalagang gampanin ito sa silid-aralan. Kaakibat nito ang maraming stilo sa pagtuturo upang magampanan ang pinakasimple hanggang sa komplikadong responsibilidad. Maliban pa rito, kinakailangan may malawak na kasanayan sa lahat ng pamantayan ng edukasyon at sa mithiin nito (Barberos, Gozalo at Padayogdog, 2018).

Dagdag pa ni Bardach et al., (2020), sumasaliksik din sa konsepto ng epekto ng guro, na kadalasang itinuturing bilang kakayahan ng gurong makaapekto sa pagkatuto ng isang estudyante ay sinusuri gamit ang mga paraan gaya *ng value-added models*, *performance evaluation*, at *feedback* mula sa mga mag-aaral. Gayunpaman, hangarin din palawakin ang depinesyon na ito upang isama sa mas komprehensibong perspektibo. Ang pinalawak na perspektibong ito ay nagpapakilala na ang epekto ng guro ay naglalaman ng maraming aspeto bukod sa maliit na pokus sa akademikong tagumpay.

Dagdag pa rito ni Paglinawan (2018), ang guro ay kinakailangan na may kaalaamn sa paggamit ng wika sapagkat kaakibat nito ang kaniyang sinasabi at itinuturo. Dahil na rin sa ang tinuturuan ay limitado lamang ang kaalaman sa wika; sa pagbabasa, pagbigkas at pagbaybay, kaya naman ay nararapat na matatas ang guro sa wikang gagamitin at ginagamit.

***Talahanayan 4***
***Ugnayan sa pagitan ng Kooperatibong Pagkatuto at Pagkatuto ng Wikang Filipino***

| Variable | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Kooperatibong Pagkatuto | 3.99 | .618 | <.001 | Hindi Tanggap |
| Pagkatuto Ng Wikang Filipino | 4.24 | | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang ugnayan sa pagitan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino na may r-value - .618, p <.001 at haypotesis na 0.05 na antas ng ugnayan. Kung gayun, batay sa lumabas na resulta ng pananaliksik na ang *null hypothesis* ay hindi tanggap. Pinapahiwatig lamang nito na may positibong ugnayan sa pagitan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino.

Mahahalintulad sa isinagawang pananaliksik ni Guoqiao, (2020) na ang kooperatibong pagkatuto ay kayang pataasin ang kaalaman ng indibidwal at mapalawig pa ang karunungan nito sa wika. Dulot nito, makikita sa resulta na kayang mapaunlad ang kaalamang pangwika ng isang mag-aaral kung may pagtutulungan na nangyayari.

Natuklasan din ni Carlos et al., (2020). ang kooperatibong pagkatuto hindi lamang nagpabuti sa marka ng mga estudyante at pinahusay ang kanilang pag-unawa, mga kasanayan sa lohikal na pangangatwiran, at pag-aaral ng wika. Ipinapakitang maraming benepisyo ng pakikipag-aral nang magkakasama. Iminumungkahi nitong ang pakikipag-aral nang magkakasama ay hindi lamang nagpapabuti sa pagganap sa akademiko sa isang partikular na paksa. Pwede rin itong mag-udyok ng mas malalim na pag-unawa, mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip, at maging sa pag-unlad ng wika.

***Talahanayan 5***
***Ugnayan sa pagitan ng Kooperatibong Pagkatuto at Estilo ng Guro sa Pagtuturo***

| Variable | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Kooperatibong Pagkatuto | 4.37 | .631 | <.001 | Hindi Tanggap |
| Estilo ng Guro sa Pagtuturo | 4.34 | | | |

Makikita sa Talahanayan 5 ang resulta sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at estilo ng guro sa pagtuturo na may kabuoang r-value na .631, p <.001, at haypotesis na 0.05 na antas ng ugnayan. Lumabas sa pagsisiyasat na ang *null hypothesis* ay hindi tanggap. Nangangahulugan lamang ito na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilo ng guro sa pagtuturo at kooperatibong pagkatuto.

Batay naman kina Kalifeh et al., (2022), ang bawat estudyante ay natututo sa wika nang walang kahirap-hirap kapag ang guro ay gumagamit ng estratehiya sa pagtatalakay. Nagdulot ito ng positibo batay sa interbyu ng mga guro sa Ingles ng *Amman Arab Unibersity* na alamin ang kanilang estratehiya sa pagtuturo at saklaw ng kanilang paggamit ng mga kasanayan sa kooperatibong pagkatuto..

Sinuportahan din sa pag-aaral nina Nelson et al., (2014) at González-Pérez (2022) na ang pagtuturo sa demokratikong pamamaraan ay nakatutulong dahil sa mabilis natututuhan kapag bagong impormasyon at karanasan ang ginamit sa pamamagitan ng scaffolding. Dito, ang tinuturuan ay matututuhan at mabibigyan ng kaalaman ng mga guro. Dahil sa nakakainganyong pag-aaral ay nagbiigay ng maayos na suporta sa bawat estudyante at nagtutulungan upang matuto sa isinagawang mga gawain ay magdudulot ng matibay na kumpyansa sa sarili.

***Talahanayan 6***
***Ugnayan sa pagitan ng Estilo ng Guro at Pagkatuto ng Wikang Filipino***

| Variable | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Estilo Ng Guro Sa Pagtuturo | 4.34 | .537 | **<.001** | **Hindi Tanggap** |
| Pagkatuto Ng Wikang Filipino | 4.27 | | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang resulta sa ugnayan ng estilo ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino na may r-value - .537, p <.001. Dahil sa ang *probability value* na (p <.001) ay mababa sa ugnayang antas na (@=0.05), lumalabas na ang *null hypothesis* ay hindi tanggap. Ibig sabihin nito na ang estilo ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino ay may positibong ugnayan.

Ayun pa sa pag-aaral ni Saavedra at Barredo (2020) na ang gabay sa pagtuturo sa wikang Ingles at wikang Filipino ay kaakibat ang mga tamang dulog sa pagtuturo partikyular na sa wikang nabanggit. Ang resulta sa estilo ng pagtuturo ay nakatutulong sa pagkatuto at pagtutulungan ng bawat isa.

Binibigyang-diin din ng pananaliksik nina Ibrahim at Ibrahim (2017) ang kahalagahan ng pagpapahalaga ng lahat sa pagtataguyod ng panlipunang pagkakaisa at epektibong komunikasyon gamit ang wika sa loob ng mga kapaligiran ng kooperatibong pagkatuto. Kapag nararamdaman ng mga mag-aaral na ligtas at pinahahalagahan sila, mas malamang na masigasig silang makisali at bumuo ng matitibay na ugnayan sa kanilang mga miyembro ng grupo.

**Mediation Analysis**

***Talahanayan 7***

**Indirect effects**

| | Estimate | Std. Error | z-value | p | 95% Confidence Interval Lower | 95% Confidence Interval Upper |
|---|---|---|---|---|---|---|
| IV → MV → DV | 0.199 | 0.077 | 2.572 | 0.010 | 0.047 | 0.350 |

Makikita sa Talahanayan 7 ang *indirect* na epekto ng kooperatibong pagkatuto (IV) sa estilo ng guro sa pagtuturo (MV) at sa pagkatuto ng wikang Filipino (DV) na ang *beta* ay .199 at *standard error* (SE) .077 at p .010. Maging ang [.047, .350], na kung saan ang *confidence interval* ay hindi naglalarawan ng zero. Sa 0.05 na antas ng ugnayan, ang *null hypotheis* na lumabas ay *rejected*, p <.001. Kung gayun, ang *mediation* na baryabol na estilo ng guro sa pagtuturo, ay may epekto sa ugnayan ng di-malayang baryabol na kooperatibong pagkatuto at malayang baryabol na pagkatuto ng wikang Filipino.

***Talahanayan 8***

**Direct Effects**

| | Estimate | Std. Error | z-value | p | 95% Confidence Interval Lower | 95% Confidence Interval Upper |
|---|---|---|---|---|---|---|
| IV → DV | 0.597 | 0.117 | 5.103 | < .001 | 0.368 | 0.826 |

Sa karagdagan, ipinapakita sa Talahanayan 8 ang direktang epekto ng kooperatibong pagkatuto sa pagkatuto ng wikang Filipino. Base sa resulta, ang direktang epekto na kooperatibong pagkatuto (IV) sa pagkatuto ng wikang Filipino (DV) ay may makabuluhang [0.597, SE= 0.117, 95% CI na kung saan nangangahulugang ang direktang epekto ng kooperatibong pagkatuto ay may kabuluhan. Ipinapakita rin na ang kooperatibong pagkatuto ay may makabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino (beta=0.597, p<.001). Sa karagdagan, base sa resulta, ang kooperatibong pagkatuto ay may makabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino kahit wala ang presensya ng estilo ng guro sa pagtuturo.

***Talahanayan 9***

**Total Effects**

| | Estimate | Std. Error | z-value | p | 95% Confidence Interval Lower | 95% Confidence Interval Upper |
|---|---|---|---|---|---|---|
| IV → DV | 0.796 | 0.093 | 8.512 | < .001 | 0.612 | 0.979 |

Ipinapakita na ang kooperatibong pagkatuto ay may makabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino sa unang taon ng BSED Filipino. Nangangahulugan lamang ito na kahit wala ang mediation na baryabol, estilo ng guro sa pagtuturo, ang kooperatibong pagkatuto ay nakakaepekto sa pagkatuto ng wikang Filipino sa unang taon ng medyor sa Filipino. Dahil ang direktang epekto ay may ugnayan, nangangahulugan lamang ito na ang ugnayan sa pagitan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino ay bahagyang apektado lamang sa *mediation* na baryabol na estilo ng guro sa pagtuturo.

Dagdag pa, ang Constructivism Learning Theory ni Piaget (1964) na kung saan ang pagkatuto ay nakukuha sa pagkatuto sa paligid at ang ambag ng sariling kaalaman sa kakayan ng isang tao bilang indibidwal. Kung gayun, ang pagkatuto ay ang basi sa kung ano ang nakikita, inaapply at inintindi ang mga bagay. Sa pakikihalubilo sa paligid, nababago ang pananaw ng isang tao.  Dagdag pa, ang pakisalamuha sa paligid ay maaring magdulot ng panibagong kaalaman patungkol sa wika (Cheng, 2021).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Natuklasan din sa isinagawang pananaliksik ni Matere at Jepkoskey, (2022) na ang estilo ng guro sa pagtuturo ng wika ay maaring maging batayan sa pagkakaroon ng epektibong pagkatuto. Dulot nito, maaring magamit ang kooperatbong pamamaraan sa pagtuklas pa ng panibagong kaalaman sa lahat.

***Talahanayan 10***
**Path Coefficients**

| | | | Estimate | Std. Error | z-value | p | 95% Confidence Interval | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | Lower | Upper |
| MV | → | DV | 0.277 | 0.103 | 2.689 | 0.007 | 0.075 | 0.479 |
| IV | → | DV | 0.597 | 0.117 | 5.103 | < .001 | 0.368 | 0.826 |
| IV | → | MV | 0.717 | 0.081 | 8.807 | < .001 | 0.558 | 0.877 |

Sa karagdagan sa resulta ng pag-aaral, makikita ang path plot ng Kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino (Plot C), Kooperatibong Pagkatuto at Estilo ng Guro sa Pagtuturo (Plot A), at Estilo ng Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wikang Filipin (Plot B). Isinisiwalat nitong ang kooperatibong pagkatuto ay may impluwensya sa pagkatuto ng wikang Filipino, B=0.6, p<0.001. Maging ang kooperatibong pagkatuto ay apektado sa estilo ng guro sa pagtuturo, B=0.72, p<0.001. Panghuli, ang estilo ng guro sa pagtuturo ay matuklasang predictor sa pagkatuto ng wikang Filipino, B=0.28, p<0.001.

**Konklusyon**
Nakapaloob sa konklusyon ang buod sa pananaliksik partikyular na sa resulta at ang implikasyon. Natuklasan na ang resulta ay batay sa mga layuning ng mananaliksik.

Kung gayun, ang antas ng kooperatibong pagkatuto sa unang taon ng BSEd Filipino ay nakakuha ng pinakamataas na resulta batay sa data. Kung gayun, ang pagtutulungan ay nagpapakita ng aktibong kooperasyon sa bawat estudyante. Nagpapahiwatig ito na maaaring mahubog ang kakayahan nila sa akademikong aspeto at epektibong pag-unlad.

Ang antas ng pagkatuto ng wikang Filipino naman sa unang taon ng BSEd Filipino ay nakakuha ng pinakamataas na resulta batay sa data. Nangangahulugan lamang nitong ang pagkakaroon ng maunlad na karunungan ng mag-aaral sa wikang Filipino ay nakatutulong upang mapayabong pa ang kaalaman nito sa gramatika, barayti ng wika at maging sa pagsasalita.

Sa kabilang banda, ang antas ng estilo ng guro sa pagtuturo sa unang taon ng BSEd Filipino ay nakakuha ng pinakamataas na resulta batay sa data. Dulot nito, ang pagkakaroon ng estilo ng pagtuturo ay nagdudulot ng epektibong pagkatuto dahil nagkakaroon ng mga pamamaraan para makuha ang interes ng mga mag-aaral, magkaruon ng kalidad na kaalaman at ang pagpapalaganap ng pakiramdam ng pag-unawa at etikal na responsibilidad.

Makikita rin ang makabuluhang ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino. Dulot nito, ang kooperatibong pagkatuto ay labis na nakatutulong sa pagkamit ng kaalaman patungkol sa wika. Kung may pagtutulungan sa pagtuklas ng kaalaman, mapapaunlad ng bawat isa ang karunungan sa wikang Filipino lalo na rin kung nagagamit ito sa pakikipagkomunikasyon.

Natuklasan din na may makabuluhang ugnayan ang kooperatibong pagkatuto at estilo ng guro sa pagtuturo. Dahil dito, ang kooperatibong pagkatuto at estilo ng guro ay nagreresulta ng epektibong pagkatuto. Napapagana ang mga pamamaraan sa pagtuturo na maaaring magamit ang kooperatibong pamamaraan ng mga mag-aaral sa aktibong pagkatuto.

Dagdag pa, natuklasan din na nagkaroon nang makabuluhang ugnayan ang estilo ng guro sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino. Dahil dito, mababantid na ang pagkakaruon ng maraming pamamaraan sa pagtuturo ay maaring makadulot ng positibong epekto sa pagkatuto sa wikang Filipino. Mapapaunlad ang kaalaman sa wika partikyular na sa gramatika, estilo ng wika at ang wastong pagbaybay at paggamit ng mga salita.

Sa ganang ito, ang *mediation analysis* ay nagpakita na ang estilo ng guro sa pagtuturo ay may epekto sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino. Kung gayun, ang estilo ng guro ay may malaking impluwensya sa kooperatibong pagkatuto at pagkatuto ng wikang Filipino sa unang taon ng BSEd Filipino. Pinapabatid ang pamamaraan ng guro sa pagtuturo ay maaring maging interaktibo kung pagaganahin ang pagtutulungan ng bawat isa at mapapaunlad din ang karunungan sa wika basis a pakikipag-interaksyon.

## TALASANGGUNIAN

1. *Bag-o et al. (2019). Kahalagahan ng Paggamit ng wikang Filipino Pag-aaral ng mga nasa ika-10 baitang ng Father Urious Institute of Technology. https://www.pdfcoffee.com/konseptwal-na-papel-pdf-fre.html*
2. *Barberos M. T. Gozalo A., & Padayogdog, E. (2018). The Effect of the teacher's teaching style on student's motivation action research – Nyu Steinhardt.*
3. *Bardach, L., & Klassen, R. M. (2020). Smart teachers, successful students? A systematic review of the literature on teachers' cognitive abilities and teacher effectiveness. Educational Research Review. Advance online publication. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2020.100312*

4. *Bhandari, P. (2020) What Is Qualitative Research? Methods & Examples. https://www.scribbr.com/methodology/qualitative-research*
5. *Buschs, D., Dumesnil A., Chanal E., and Butera F. (2021) "Dual effects of partner's competence: resource interdependence in cooperative learning at elementary*
6. *Carlos, W.G., Dela Cruz, C.S., Cao, B., Pasnick, S. and Jamil, S. (2020) Novel Wuhan (2019-nCoV) Coronavirus. American Journal of Respiratory and Critical Care Medicine, 201, 7-8.https://doi.org/10.1164/rccm.2014P7*
7. *Cheng, S., Coolkens, R., Ward, P., and Iserbyt, P. (2021). Generalization from physical education to recess during an elementary sport education season. Journal of Teaching in Physical Education (ahead print), https://doi.org/10.1123/jtpe.2020-0166*
8. *Fukada, A. (2019). What Less-proficiency EFL Learners Tell us about Their Language Learning: Qualitative Analysis of Self-Regulated Learning. Journal of Pan-Pacific Association of Applied Linguistics, 23 (1), 103-126 https://doi.org/10.25256/paal.23.1.6*
9. *González-Pérez, L. I., & Ramírez-Montoya, M. S. (2022). Components of education 4.0 in 21st century skills frameworks: Systematic review. Sustainability, 14(3), 1493. https://doi.org/10.3390/su14031493*
10. *Gonzales , Torres (2015). Filipino Learners' Attitude Towards Cooperative Learning and their Relationship to Reading Comprehension*
11. *Gouqiao, W. (2020) "On the application of cooperative learning in college English teaching". International Education Studies. 2020;13(6):62-66*
12. *Ibrahim, M. K. & Ibrahim, Y. A. (2017). Communicative English language teaching in Egypt: Classroom practice and challenges. Issues in Educational Research, 27(2), 285-313. http://www.iier.org.au/iier27/ibrahim.html*
13. *Khalifeh A., Almousa N., Ammari R., Jarrah L. (2022) Students' Attitudes Towards Applying Cooperative Learning Strategy at Amman Arab University https://doi.org/10.17507/jltr.1305.12*
14. *Laranjo, R. (2021) Sunuang agtamo ng mga batayang pangungusap ng Filipino bilang ikalawang wika ng mga estudyante na Tsino, Hapones, at Koreano: isang panimulang pag-aaal. Malay Jounal, 34 (1) 65-79.*
15. *Li, M., Yin, D., Qiu, H., and Bai, B. (2021). A systematic review of AI technology-based service encounters: implications for hospitality and tourism operations. CrossRef Full Text | Google Scholar*
16. *Lopez, J., Alquizola A., Yap, R., (2018) Estilo ng Pagtuturo ng mga Guro at ang aktibong Motibasyon ng mga mag-aaral. Educational Research University of Mindanao Digos College, Digos City. Unpublished Research*
17. *Matere, A. & Jepkoskey, E. (2022). Effect of Interpersonal and Social Skills in Cooperative Learning on Learners' English Language Speaking in Nandi Central Sub-County, Kenya. Journal of Research Innovation and Implications in Education, 6(2), 152 – 160.*
18. *Nelson, K. G., Shell, D. F., Husman, J., Fishman, E. J., & Soh, L. K. (2014). Motivational and self-regulated learning profiles of students taking a foundational engineering course. Journal of Engineering Education, 104(1), 74–100. https://doi.org/10.1002/jee.20066*
19. *Neo, T., Neo, M., Kwok, W., Tan, Y., Lai, C., & Zarina, C. (2012). MICE 2.0: Designing multimedia content to foster active learning in a Malaysian classroom. Australasian Journal of Educational Technology, 28(5), 857-880.*
20. *Paglinawan (2018) Isang malikhaing pagtuturo ng wika tungo sa paglinang nga kasaysayang pagkomunikatibo: Mga tunuhin at estratehiya. Filipino Language Program, University of Michigan.*
21. *Piaget, J. (1964). Cognitive Development in Children: Development and Learning. Journal of Research in Science Teaching, 2, 176-186.http://dx.doi.org/10.1002/tea.3660020306*
22. *Rostrata, J. (2019), Gaano ba kahalaga ang wikang Filipino? FIL-101-ARALIN-42 https://thecrestonline.wordpress.com/2019/08/31/gaano-ba-kahalaga-ang-wikang-filipino/*
23. *Saavedra A. D. at Barredo, C.P (2020) Beliefs and strategies in the Filipino language learning and academic performance of indigenous students.*
24. *Sangaji S. (2019) A Study on the University Students' Speaking Difficulties 10.5281/zenodo.2588073*
25. *Somblingo, Ricardo and Ricohermoso, Criselda, First Language and Second Language Proficiency: A Case of Bisaya Learners (2019). Sci.Int.(Lahore),31(3),473-475, 2019, Available at SSRN: https://ssrn.com/abstract=3621555*
26. *Talacay, (2022) Kaligirang Pampagkatuto at Paggayan ng mga Mag-aaral bilang Prediktor sa Pagkatuto ng wikang Filipino*
27. *Tragant, E., Thompson, M. S. at Victori, M. (2013) Understanding foreign language learning strategies: A validation study Elsevier Ltd. System*
28. *Teed, Rebecca, John McDaris, and Cary Roseth. (2018). What is Cooperative Learning. https://serc.carleton. edu/introgeo /cooperative/index.html.*
29. *Zafra, G. (2016). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa desiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan 1, 1-26 http://dxdoi.orf/10.13.185/KA2016.00102*